

Danas ng Mga Guro at Mag-Aaral sa Paggamit ng Teknolohiya

DOI: <https://doi.org/10.5281/zenodo.11145283>

Janine E. Manatad

Student, Mandaue City College, Schools Division of Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0002-3727-0488>

Mary Joy A. Alfanta

Student, Mandaue City College, Schools Division of Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0008-0998-1307>

Jhea A. Perolino

Student, Mandaue City College, Schools Division of Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0003-1259-2752>

Mara Anella Piasidad

Student, Mandaue City College, Schools Division of Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0006-7685-7985>

Shenna Mae T. Materdan

Student, Mandaue City College, Schools Division of Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0001-6988-2182>

Joram Geid Sotes

Student, Mandaue City College, Schools Division of Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0002-8037-707X>

Abstrak:

Pinupunto ng artikulong ito ang "Danas ng mga Guro at Mag-aaral sa Paggamit ng Teknolohiya". Mula rito nagkaroon ng diskusyon sa suliranin. Binigyang-diin din ang mga hamon o hadlang na kinakaharap ng dalawang panig sa tuwing gumagamit naturang kasangkapan sa larangan ng edukasyon. Layon nito na galugarin ang iba't ibang danas ng mga guro at mag-aaral sa Mandaue City College. Ginagamitan ito ng kwalitatibong semi-structured na anyo ng pakikipagpanayam. Ang kwalitatibong semi-structured ay isang instrumentong ginamit ng mga mananaliksik upang magsilbing batayan sa pagbuo ng mga talatanungan upang makalikom ng sapat na datos. Ang kabuuang respondante ay umabot sa sampung indibidwal na binubuo ng limang guro at mag-aaral, batay sa purposive sampling na ginamit. Ang limang mag-aaral na respondante ay nabibilang sa kursong BSIT, samantalang ang limang guro naman ay nagtuturo sa iba't ibang departamento ng Mandaue City College. Sa pagkuha ng kabuuang datos ay ginagamitan ito ng interpretasyon, ang interpretasyon ay isang paraan upang mas lalong maging maayos ang resulta ng pananaliksik. Batay sa resulta ng pag-aaral, ang negatibong danas ng mga guro ay nagdudulot ng kawalan ng lakas ng loob sa paggamit ng teknolohiya, naging dahilan ang kakulangan ng kaalaman sa paggamit ng teknolohiya at kakulangan ng mga kasangkapang teknolohiya sa pagtuturo. Ang negatibong naranasan ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng pagkabahala sa paggamit ng teknolohiya, nagiging dahilan ang pang-aabuso sa paggamit nito, pagkakaroon ng hindi magandang epekto sa kalusugan, walang pambili ng load, at mahinang internet o walang signal. Nakikita sa resulta ang mga danas ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon na kung saan talaga namang nakakatulong upang mas mabilis ang paggawa ng mga proyekto ngunit sa kabila nito'y nagkakaroon parin ng iba't ibang mga suliranin sa likod nito. Ang teknolohiya ay may mataas na kalidad, naa-access at madaling gamitin, ang teknolohiya ay maaaring maging isang mahalagang tool para sa pagpapabuti ng pagtuturo at pag-aaral. Ito ay natatangi dahil matututunan ng mga mag-aaral ang posibleng kahihinatnan ng isang makabuluhang pagbaba ng atensyon ng mag-aaral sa klase. Ang mga mag-aaral ay mas nakatuon sa mobile na teknolohiya na mayroon sila sa kanila at maaari silang akusahan ng plagiarism dahil masyadong gumagamit ng teknolohiya ang mga estudyante na kung saan basta nalang nila kinukupya ang mga impormasyon nang walang pahintulot o paraphrasing.

Keywords: Teknolohiya, Danas, Mag-aaral, Guro, Paggamit

Introduksyon:

Ang teknolohiya ay isang napakahalagang kagamitan sa kasalukuyan partikular sa edukasyon sapagkat ito ay ginagamit na rin ng mga mag-aaral at guro. Ilan na sa mga makabagong teknolohiya ay ang selpon, laptop, kompyuter, at projectors. Hindi nakaalpas ang mga mag-aaral at guro sa pagkakaroon din ng mga danas sa kanilang paggamit ng teknolohiya. Sa madaling salita, ang teknolohiya ay malaking kontribusyon sa pag-aaral at pagtuturo sa kasalukuyang paunlad at pausbong ang panahon at kinailangan ng edukasyon na umangkop ayon sa mga makabagong pangangailangan. Ang teknolohiya ay nagsisilbing instrumento upang mas maging epektibo at makabago ang pagbabahagi ng mga guro ng mga kaalaman sa mga mag-aaral. Nagkakaroon din ng mga agwat ang saliksik na ito. Hindi nagalugad at natalakay ang mga pag-angkop ng mga guro sa kasalukuyang kapanahunan sa teknolohiya. Maaaring nagkakaroon sila ng iba't ibang suliranin sa pagtanggap at paggamay ng proseso sa paggamit ng teknolohiya sa paggawa ng lesson plan, assessment at estratehiya ng pagtuturo. Sa kaugnayan nito, isa ring kakulangan sa pagtatalakay ng saliksik na ito ay ang sistema ng pagmamarka ng mga guro. Nabibilang dito kung paano ginagawa at inilalapat ang transmutation table napagbabasehan ng kanilang pagmamarka. Sa kabilang banda naman sa mga mag-aaral, hindi rin nagalugad ang kanilang pag-uugali sa paggamit ng teknolohiya at kung ano ang epekto nito sa kanilang paggamit ng kanilang oras at kung paano ito pangangasiwaan at kasabay nito ang pag-uugnay ng kanilang kalusugan. Ang mga ito ay maaaring makapagbibigay-gabay at makapaghahatid ng ideya kung ano ang mga pag-aaralan sa mga sumusunod na saliksik. Ang teknolohiyang nilikha ay binuo upang makatulong sa mga tao. Hindi ito nilikha upang ipahamak ang mga nilalang sa mundo bagkus to ay nilikha upang maging parte ng pag-unlad ng buhay at lipunan. Hindi maipagkakaila na mayroon itong mga negatibong epekto ngunit maiiwasan naman ang mga ito kung gagamitin ito sa tama at sa pagkakaroon ng disiplina. Sa pag-aaral sa Byju's (2023), malaki ang papel ng teknolohiya sa edukasyon. Isa sa mga danas ng mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya ayon sa pag-aaral nina (Ganimian et al., 2020) ay ang pagtaas ng pakikipag-ugnayan ng



mga mag-aaral sa materyal. Nagkakaroon din ng pagkakataon para sa mga mag-aaral na magtanong ng mga paglilinaw at/o mag-ambag sa mga talakayan sa klase. Sa kabilang banda naman, ayon kay Gonen (2019), ang pagsasama ng teknolohiya sa silid-aralan ng wikang banyaga ay nakapagdiskubre ng mga mahihirap na pangangailangan para sa mga guro sa pagdidisenyo ng mga aralin na pinahusay ng teknolohiya. Samakatuwid, kailangan ang maingat na patnubay upang matulungan ang mga guro bago ang serbisyo na tukuyin, isama, at pagnilayan ang mga naaangkop na teknolohiya upang lumikha ng higit pang mga oportunidad sa pag-aaral.

Ateoretical na Posisyon:

Ang mga mananaliksik ay nagpasya na huwag sumangguni sa anumang teoretikal na balangkas, mga prinsipyo ng pag-uugali sa buong yugto ng pag-aaral na ito. Pangunahing layunin nito ay upang isulong ang isang hilaw at walang pinapanigan na diskarte sa pag-aaral sa thematic analysis ng pag-aaral. Bagama't ang pananaliksik na ito ay naglalayon na tukuyin ang mga tiyak na pag-uugali sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga phenomenological na pagkakaiba-iba sa pag-uugali, ito ay nararapat na ang pananaliksik ay hindi pa unang natukoy ng mga umiiral na pag-aaral upang makakuha ng agaran at hilaw na mga natuklasan upang mabalangkas ng isang tiyak na teoretikal na posisyon upang suportahan ang anumang bagay. Ang nagresultang pag-aangkin na ang pag-aaral na ito ay magbubunga sa huli. Pangunahin, ang pag-aaral na ito ay magtutuo lamang ng pansin sa thematic analysis ng phenomenological variation sa pamamagitan ng mga nakalap na datos at ang interpretasyon nito na nakolekta ng mga mananaliksik. Gayunpaman, itatampok ng pananaliksik na ito ang pilosopikal na paninindigan ng mga mananaliksik. Binibigyang-diin na ang pagiging maaasahan at bisa ng pananaliksik na pag-aaral ay dapat matiyak sa pamamagitan ng paggamit ng mga angkop na katanungan, lalo na sa pagtatanong sa mga mahalaga tungkol sa kanilang kaalaman, opinyon, pananaw sa isyu at tungkol sa mga pagkakaiba ng namamayani. Ang pilosopikal na paninindigan ay batayan din ng kwalitatibong pananaliksik dahil ito ay tinitingnan mula sa isang napaka-subjective na pananaw.

Pilosopikal na Posisyon:

Ang pilosopikal na posisyon ay sumasailalim sa mga pangunahing pagpipilian na ginawa sa pagsagot sa mga tanong sa pananaliksik na naglalayong suriin ang pilosopikal na batayan ng pag-aaral dahil ang mga tema ay dapat matuklasan mula sa mga datos upang maiwasan ang mga paunang ideya. Sa ontology, ito ay paniniwala ng mananaliksik na ang mga realidad na danas na binuo ng mga guro at mag-aaral na mula sa kanilang mga sesyon sa klase ay naiiba sa bawat guro at mag-aaral. Higit pa rito, ang pagpapahintulot sa kanila na ibahagi ang kanilang mga karanasan ay epektibo sa pag-oorganisa at pagbuo ng realidad.

Sa epistemology, bilang mga mananaliksik, kami ay naniniwala na maaari kaming makipag-ugnayan sa mga impormante pati na rin sa kanilang mga pananaw at maaari kaming makiangkop sa kanilang antas upang maibsan ang kanilang pagkainis na damdamin at upang patatagin ang kanilang mga takot sa loob ng kurso ng panayam. Nakikita ng mga mananaliksik ang pangangailangang makisawsaw sa mga pinagmumulan ng datos upang mapagtanto ang "objective separateness". Isasantabi din ng mga mananaliksik ang kanilang mga personal na bias sa mga tugon ng mga impormante. Paninindigan ng mga mananaliksik ang epistemological assumption na batid na batid niya ang paksa.

Sa usaping axiology, ito ay nagtatanong ng tanong na, "Ano ang papel ng mga halaga sa pananaliksik? Kadalasan, mayroong isang layunin na puno ng halaga sa pananaliksik. Ang ibig sabihin na kung ano man pag-aaral ukol sa mga tao ay tumutugkol lamang sa kung sino at ano sila. Panghuli ay ang retorika. Sa kaugnayan nito sa Pilosopiya, ang pilosopiya ay nagbibigay ng mga ideya sa pamamagitan ng mabuti sistematikong argumento na tinatawag na retorika. Ang retorika ay tumutulong sa manunulat o may-akda na tukuyin ang mga kaibahan ng mga opinyon at pananaw (Robyn, 2022). Ang pananaliksik ay gumagamit ng mga simpleng salita sa katanungan sa panayam na maaaring makapagpukaw sa mga paraan ng pag-iisip ng mga impormante ukol sa kanilang mga danas.

Metodolohiya at Pamamaraan ng Pananaliksik:

Ito ay naglalahad ng impormasyon at mga konklusyon na ginawa ng mga mananaliksik na maaaring makatulong upang mapagtagumpayan ang pananaliksik. Ang kabanata ring ito ay tungkol sa komprehensibong pagsusuri ng mga literatura na may kaugnayan sa problemang sinisiyasat. Ang pagsusuri ng mga kaugnay na literatura ay lubos na lumawak dahil sa pagpapakilala at karanasan na impormasyon na ipinakita sa Kabanata 1. Ang kabanatang ito ay naglalaman ng isang makasaysayang pangkalahatang-ideya ng problema, kasalukuyang mga uso na nauugnay sa problema, at makabuluhang data ng pananaliksik na inilathala tungkol sa problema.

Disenyo ng Pananaliksik:

Ang pananaliksik na isinagawa ay gumamit ng penomenolohiyang kwalitatibong pananaliksik at ginagamitan ng Husserl Method. Ayon sa pag-aaral nina Neubauer, B.E, et. al (2019), bilang isang pamamaraan ng pananaliksik, ang Husserlian Phenomenology ay natatanging nakaposisyon sa mga mananaliksik upang matuto mula sa mga karanasan ng iba. Nilalayon ng artikulong ito na ipaliwanag ang phenomenology sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pangunahing pagkakaiba sa pilosopikal at metodolohikal sa pagitan ng dalawa sa mga pangunahing diskarte sa phenomenology: transcendental at hermeneutic. Ang pag-unawa sa mga ontological at epistemological na pagpapalagay na pinagbabatayan ng mga pamamaraan ito ay mahalaga para sa matagumpay na pagsasagawa ng phenomenological na pananaliksik. Ang Husserlian Method ay isang paglalarawan ng aktwal na karanasan, isang mahusay na paraan upang maunawaan ang pansariling karanasan at makakuha ng insight sa mga aksyon ng mga kalahok sa mga tuntunin ng paggamit ng teknolohiya. Dagdag kaalaman nina Raja R. at Nagasubramani P. C. (2018), ang kahalagahan ng teknolohiya sa mga paaralan ay hindi maaaring balewalain. Sa pagdating ng mga kompyuter sa edukasyon, mas madali para sa mga guro na magbigay ng kaalaman at makuha ito ng mga mag-aaral. Dahil sa paggamit ng teknolohiya, mas kasiya-siya ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Para sa karagdagan ni Carstens et al., (2021) ang teknolohiya ay isang mahalagang bahagi ng buhay ng mga mag-aaral. Ang pagsasama ng teknolohiya sa silid-aralan ay napatunayang kapaki-pakinabang. Ang teknolohiya ay tumulong sa kahandaan at pakikipag-ugnayan ng mag-aaral at nagbibigay-daan upang mapabuti ang pag-aaral.

Kapaligiran ng Pananaliksik:

Ang pag-aaral ay isinagawa sa Mandaue City College, partikular sa mga guro at mag-aaral sa ikalawang taon ng kolehiyo. Ang paaralan ay matatagpuan sa Don Andres Soriano Avenue, Mandaue City Centro. Ito ay ginawa sa Mandue City College sapagkat sa nasabing paaralan nag-aaral ang mga



mananaliksik at hindi na lumayo sa panglokyong aspeto ang kanilang interes sa pagtuklas ng mga karanasan ng mga guro at mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya.

Ang pananaliksik na ito ay ginagawa sa pamamagitan ng semi-structured questions upang ito ay maging organisado sa mga mananaliksik at sa mga kalahok. Ito ay ginawa sa pamamagitan ng panayam nang harapan at nirekord ng mga mananaliksik ang tugon ng mga respondante. Sa ganitong paraan ay maimbak at mababalikan ng mga mananaliksik ang mga naging tugon tungo sa pagkuha ng mga tumpak na kinakailangang impormasyon.

Respondante ng Pananaliksik:

Ang mga respondante ay yaong mga indibidwal na kumukumpleto ng isang panayam para sa mga mananaliksik o nagbibigay ng mga datos na galugarin ang mga danas sa paggamit ng teknolohiya. Ang mga respondante ng pag-aaral ay ang mga guro at mga mag-aaral sa ikalawang taon ng Mandue City College. May limang guro at mag-aaral sa ikalawang taon ng kolehiyo, na upang mapadali ang pangangalap ng datos ay pumili ang mga mananaliksik ng limang guro at mag-aaral sa pagkakataon at oras na bakante sa mga nasabing respondante para sa pagsasagawa ng panayam bawat kalahok. Sasagot ang guro at mag-aaral sa panayam sa bawat danas ng teknolohiya at para mailarawan ang kanilang danas sa paggamit ng teknolohiya. Ang tugon ng mga respondante ay nakatulong sa pagsusuri ng iba't ibang danas sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon para sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, pagtuturo at pagkatuto. Ang pamamaraan sa pagkuha ng mga respondante ay ginagamitan ng Purposive Sampling na isang bahagi na mayroong pinaka-cost-effective at time-efficient na paraan ng sampling. Ito ay ang tanging angkop na paraan na magagamit kung mayroon lamang isang limitadong bilang ng mga pangunahing pinagmumulan ng datos na maaaring mag-ambag sa pag-aaral, bilang metodo sa paraan nailalarawan ang danas ng teknolohiya sa mga guro at sa mga mag-aaral.

Purposive ng Disenyo ng Pananaliksik:

Ang purposive sampling ay malawak ang ginagamit sa kwalitatibong pananaliksik upang matukoy at pumili ng mga kaso na mayaman sa impormasyon na nauugnay sa phenomenon ng interes. Ang purposive sampling ay inilarawan ni Campbell et al. (2020) bilang sampling kung saan ang mga napiling indibidwal, bilang mga kalahok sa pananaliksik, ay sadyang pinili dahil sa kanilang pagiging angkop para sa pagsusulong ng layunin ng pananaliksik. Ang purposive sample ay isang non-probability sample na pinili batay sa mga katangian ng populasyon at layunin ng pag-aaral. Ito ay isang sampling technique na ginagamitan ng kwalitatibong pananaliksik upang kumuha ng mga kalahok na makapagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa phenomenon na pinag-aaralan. Ginamit ang purposive sampling bilang metodo na mapadali ang pangangalap ng datos. Pumili ang mga mananaliksik ng limang guro at mag-aaral sa pagkakataon at oras na bakante sa mga nasabing respondante para sa pagsasagawa ng panayam bawat kalahok na ilalarawan ang danas ng paggamit ng teknolohiya ng mga guro at ng mga mag-aaral.

Instrumento:

Ang mananaliksik ay gumamit ng kwalitatibong semi-structured questions na bilang kasangkapan at gabay sa pangangalap ng datos at purposive sampling bilang metodo na mapadali ang pangangalap ng datos. Aktwal na panayam at paggamit ng selpon o mga pribadong chat ang gagawin ng mananaliksik upang makalap ang tugon ng mga respondante. Binalangkas ng mga mananaliksik ang talatanungan gamit ang mga impormasyon upang matugunan ang mga katanungan. Sa kabilang banda, gumamit ang mananaliksik ng selpon o kahit anong gadgets upang ma-rekord ang mga tugon ng mga respondante kapag ito ay may pahintulot ng respondante lamang. Maaaring magtala o sulat-kamay ang gagawin ng mananaliksik kapag hindi sumang-ayon ang respondante. Ang semi-structured questions ay isang listahan ng mahahalagang talatanungan, mga bagay na dapat gawin, o mga bagay na dapat isaalang-alang bilang isang paalala.

Pamamaraan sa Pagkolekta ng Datos:

Ang mananaliksik ay gumamit ng purposive sampling sa pagkalap ng datos, mangolekta ng makabuluhang datos na tungkol sa mga danas ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya. Bago isagawa ang pag-aaral, kailangang makipag-ugnayan muna sa pinuno ng paaralan ng Departamento sa Mandue City College at sa bawat guro o kunsoltant ng ikalawang taong kolehiyo para humingi ng permiso. Kinakailangan ding makipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga kalahok sa pag-aaral. Kung na kumpirma ang paghingi ng permiso, pinahintulutan ang mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral. Upang mapadali ang pangangalap ng datos ay pumili ang mga mananaliksik ng limang guro at mag-aaral sa pagkakataon at oras na bakante sa mga nasabing respondante para sa pagsasagawa ng panayam bawat kalahok. Bago simulan ang panayam, kinakailangan muna ng permiso ng tagatugon kung maaari bang ma-rekord o makuhanan ng video habang ginagawa ang panayam. Ang isa sa mga mananaliksik ay ang magtatanong sa mga guro at mag-aaral sa paraan ng semi-structured questions, habang ang isa o dalawa pang kasamahan sa mananaliksik ay inaatangang mag-audio o video record o magtala ng mgatugon ng respondante.

Pagsusuri ng Datos:

Kung sakaling maabot ang saturasyon ng datos pagkatapos ng 7 na panayam, isinasaad ni Schwab (2021) na ang punto sa oras na ang koleksyon ng mga bagong datos ng pag-aaral ay hindi na nagbabago o nagbabago nang kaunti, maaaring tumigil na ang mananaliksik sa pagkalap ng datos, dahilan sa nasabing saturasyon na naabot. Ayon nina Saunders et al. (2018), kung nakamit ng saturasyon ang malawak na pagtanggap bilang isang metodolohikal na prinsipyo sa kwalitatibong pag-aaral. Karaniwang isinasaalang-alang na, batay sa datos na nakolekta o nasuri, walang karagdagang pagkolekta at/o pagsusuri ng datos ang kinakailangan. Kapag ang mananaliksik ay nagsimulang marinig ang pare-parehong mga komento o tugon ng respondante nang paulit-ulit, ang saturasyon ng datos ay naabot. Pagkatapos ay oras na upang ihinto ang pagkolekta ng impormasyon at simulan ang pagsusuri kung ano ang nakolekta. Ang pananaliksik ng pag-aaral na ito ay gumamit ng Colaizzi Phenomenological Data Analysis. Ayon kay Praveena at Sasikumar (2021), ang proseso ng Colaizzi ay ginamit upang tumulong sa pagkuha, organisasyon at pagsusuri ng naturang itinakda ng datos ng pagsasalaysay. Isinasaad din nina Wirihana et al (2018), ang phenomenology ay isang kapaki-pakinabang na metodolohikal na diskarte sa kwalitatibong pananaliksik. Pinapayagan nito ang mga mananaliksik na isantabi ang kanilang pang-unawa sa kababalaghan at magkaroon ng kahulugan sa karanasan ng kalahok. Ang pagsusuri sa mga danas sa paggamit ng teknolohiya ay nagbibigay-daan sa pagtuklas ng mga dating hindi batid. Ayon naman kay Shorey (2022), kasama sa pitong hakbang na diskarte ng Colaizzi ay ang pamilyarisasyon, pagtukoy ng mga makabuluhang pahayag, pagbabalangkang ng mga kahulugan, pagpapangkat ng mga tema, pagbuo ng isang komprehensibong paglalarawan, produksyon ng pangunahing istraktura, at ang paghahanap para sa pagpapatunay ng pinagbabatayan na istraktura.



Pinagmulan ng Datos:

Ang pinagmulan ng danas ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya, napili ng mananaliksik ang panayam sa mga respondante. Ang proseso sa pagpili ng mananaliksik ay purposive sampling na tumatalakay sa karanasan sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon mula sa ikalawang taon sa kolehiyo na mag-aaral na maaaring regular o irregular at mga guro na maaaring part-time o full-time. Ito ay isang basehan upang maunawaan ang mga naging danas sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon. Ito ay nakakapulatang-aral upang alamin ang mga kahinatnan at kagandahan ang naibigay sa teknolohiya sa edukasyon

Pagkalap ng Datos:

Ang unang hakbang sa pagkalap ng datos ay pagsasagawa ng isang pormal na konsultasyon o pakikipagpanayam sa isang indibidwal na mga estudyante mula sa mga guro at mga mag-aaral sa ikalawang taon ng kolehiyo. Ang pagpili ng respondante ay maaaring regular o irregular na mag-aaral at mga guro na maaaring part-time o full-time. Ang proseso ng pagpili ng mga mananaliksik ay nakikitaan ng mga karanasan sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon. Ang pamaraan ng mga mananaliksik sa pagkalap ng mga datos ay ang mga danas ng paggamit ng teknolohiya na kailangan sa pananaliksik. Ito ay sistemang pagsusuri na kwalitatibo upang matumbok ang mga karanasan ng mga guro at estudyante sa paggamit ng teknolohiya. Nagpapatunay ito upang makamtan kung paano magawang harapin ng mga mag-aaral at mga guro ang mga pagbabago sa sistema ng pag-aaral na may kaugnayan sa teknolohiya.

Implikasyon:

Ito ay nagpapakita ng talakayan sa resulta ng pag-aaral pati na rin ang konklusyon at ang epekto ng pag-aaral na ito na naka-angkop sa mga nabuo na tema o paksa na talakayan sa panahon ng pagtatasa ng datos. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang danas ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon, basi sa layunin ng pag-aaral kapag may negatibong danas ang mga guro at mag-aaral ay layon na sagutin ang problema batay sa resulta. Upang makamit ang layunin ng pananaliksik gumamit ng semi-structured questions na bilang kasangkapan at gabay sa pangangalap ng datos at purposive sampling bilang metodo na mapadali ang pangangalap ng datos. Limitado lamang ang bilang ng mga tagasagot sa mga talatanungan, ngunit ang uri ng disenyo ng ito ay hindi lamang nakadepende sa dami ng sumagot. Kaya lubos na nauunawaan ng mga siyentipiko na angkop ito sa pag-aaral

Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay mga guro at mag-aaral sa ikalawang taon ng Mandaue City College. Ang mga partisipante ay kinapayanam sa pamamagitan ng semi-structured question na ginamitan ng Purposive Sampling sa pamamaraan ng pagkuha ng kanilang mga tugon na kung saan nababahagi nila ang kanilang mga danas patungkol sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon. Upang ang mga partisipante ay hindi magkaroon ng mga alalahanin at kawalang katiyakan sa pagbabahagi ng kanilang personal na karanasan, nagbigay kami ng oryentasyon at ipinaliwanag namin sa kanila ang pagiging kumpidensyal at ang etikal sa pagsasagawa ng pagsisiyasat.

Tulad ng sinabi ni Macarandang (2009), ang mga itinuturong panturong kagamitan o materyales na ginagamitan ng makabagong pamamaraan ay kumakatawan sa isang maliit na hakbang, pagkakasunod-sunod na konsepto na nakaayon sa presentasyon ng pagkatuto ng mag-aaral. Bilang istratohiya sa pagtuturo, ang modyul ay dinisenyo para makatulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng kasiyahan sa bawat antas ng pagkatuto.

Ayon kay Howard Gard ng Badayos (2012), ang teorya ng "multiple intelligences" ay ang pagkatuto sa bawat bata, mag-aaral na maaaring magamit ng mayroon silang iba't ibang uri ng katalinuhan, kakayahan at istilo o higit pang malinang sa pamamagitan ng mga estratehiya sa pagtuturo. Ang sariling pagsasaliksik ni Howard Gardener ay nagpapahiwatig na mayroong isang ugnayan sa pagitan ng istilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral at pagtuturo ng mga guro at kanilang napiling mga pangunahing kagamitan sa edukasyon. Ang karanasan ay maaaring maging mabuti para sa pagtulon sa mga tao na galugarin ang kanilang sariling mga kaalaman at kakayahan kapag natututo ng mga bagong bagay. Tinutukoy ng teorya kung paano maaaring maglaro ang mga guro at mag-aaral sa kanilang sariling lakas pati na rin sa pagbuo ng mga lugar kung saan sila ay pinakamahina.

Sa isang pakikipanayam, ang mga mananaliksik ay naging tagasunod at ang mga respondente ay tinuturing na dalubhasa. Kaya, sa talakayan, ang mga kalahok ay naglalaro ng pinakamahalagang papel sa talakayan.

Konklusyon:

Sa pag-aaral lumabas ang hindi inaasahang resulta lalo na sa mga ibinahagi nilang mga danas sa paggamit ng teknolohiya. Ang negatibong danas ng mga guro ay nagdudulot ng kawalan ng lakas ng loob sa paggamit ng teknolohiya, nagiging dahilan ang kakulangan ng kaalaman sa paggamit ng teknolohiya at kakulangan ng mga kasangkapang teknolohiya sa pagtuturo. Ang negatibong danas naman ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng pagkabahala sa paggamit ng teknolohiya, nagiging dahilan ang pang-aabuso sa paggamit nito, pagkakaroon ng hindi magandang epekto sa kalusugan, walang pambili ng load, at mahinang internet o walang signal. Nakikita sa resulta ang mga danas ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon na kung saan talaga namang nakakatulong upang mas mapabilis ang paggawa ng mga proyekto ngunit sa kabila nito'y nagkakaroon parin ng iba't ibang mga suliranin sa likod nito.

Mas lalo pang nakikita sa pag-aaral na hindi malawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro at ang disiplina ng mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya na naging sanhi sa kanilang negatibong danas, sa ngayon mas nakikita ang mga problema sa mga danas ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya at mas dapat pang pahalagahan ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman at kakayahan sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon. Ang pag-aaral na ito ay magiging salamin na dapat magkaroon ang edukasyon ng isang programang pangkasanayan at pag-eensayo sa mga guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya dahil base sa naging resulta hindi sapat ang kaalaman at kasanayan ng mga guro at ang disiplina ng mga mag-aaral sa paggamit nito.



Saklaw at Limitasyon:

Pinili ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ayon sa sumusunod na inklusibong krayterya; (a) mag-aaral sa ikalawang taon irregular o regular na naka-enroll sa unang semester A.Y 2022-2023 (b) mga guro na full time o part time (c) boluntaryong kalahok na naka-enroll sa unang semester taon A.Y 2022-2023.

Hindi kabilang sa mga kalahok ng pag-aaral na ito ayon sa sumusunod na eksklusyon krayterya, (a) hindi kasama ang unang taon, ikatlong taon, at ikaapat na taon sa kolehiyo, (b) mga mag-aaral na hindi naka-enroll sa unang semester ng A.Y 2022-2023.

Sanggunian:

Byju's (2023). Epekto ng Teknolohiya sa Pag-aaral ng Mag-aaral. Retrieved from https://www.academia.edu/16314885/EpektongTehnolohiyasaPag_aaralngMag_aaral

Campbell, S., et al. (2020). Purposive sampling: complex or simple? Research case examples. *Journal of Research in Nursing*, 25(1), 652-661. <https://doi.org/10.1177/1744987120927206>

Carstens, et al. (2021). Effects of Technology on Student Learning. *TOJET: The Turkish Online Journal of Educational Technology*, 20(1),p105-113.

Gardner H. (2012). Howard Gardner's Theory of Multiple Intelligences. *Center for Innovative Teaching and Learning*. Retrieved from <https://www.niu.edu/citl/resources/guides/instructional-guide/gardners-theory-of-multiple-intelligences.shtml>

Ganimian et al., (2020). REALIZING THE PROMISE: How can education technology improve learning for all? Retrieved from <https://www.brookings.edu/articles/realizing-the-promise-how-can-education-technology-improve-learning-for-all/>

Gonen (2019). A qualitative study on a situated experience of technology integration: reflections from pre-service teachers and students. *Computer Assisted Language Learning*, 32(1):1-27. DOI: 10.1080/09588221.2018.1552974

Macarandang, M. A. (2009). Evaluation of a Proposed Set of Modules in Principles and Method of Teaching. *E-International Scientific Research Journal*, 1, 1-24. Doi: 10.12693/education-1-1-24.

Neubauer, B.E, et. al (2019). How phenomenology can help us learn from the experiences of others. *National Center of Biotechnology information*, 8(2):90-97. doi: 10.1007/s40037-019-0509-2.

Neubauer BE, et al (2019). How phenomenology can help us learn from the experiences of others. *Perspect Med Education*, 8(2):90-97. doi: 10.1007/s40037-019-0509-2.

Praveena at Sasikumar (2021). Application of Colaizzi's Method of Data Analysis in Phenomenological Research. *Cagayan State University*, 21(2). DOI: 10.37506/mlu.v21i2.2800

Raja, R., & Nagasubramani, P. C. (2018). Impact of modern technology in education. *Journal of Applied and Advanced Research*, 3(1), pp.33-35. <https://doi.org/10.21839/jaar.2018>

Robyn. (2022). The Relationship between Philosophy and Rhetoric. MY FRENCH QUEST. Retrieved from <https://frenchquest.com/2022/06/12/the-relationship-between-philosophy-and-rhetoric%E2%82%AC%81/>

Saunders B, et al. (2018). Saturation in qualitative research: exploring its conceptualization and operationalization. *Qual Quant*, 52(4):1893-1907. doi: 10.1007/s11135-017-0574-8.

Schwab C. (2021). 2021 Schwab market outlook: On the path to recovery. Charles SCHWAB. Retrieved from <https://advisorservices.schwab.com/insights-hub/perspectives/advisor-market-outlook>

Shorey S, et al (2022). Global prevalence of depression and elevated depressive symptoms among adolescents: A systematic review and meta-analysis. *Br J Clin Psychol*, 61(2):287-305. doi: 10.1111/bjc.12333.

Wirihana L, et Al (2018). Using Colaizzi's method of data analysis to explore the experiences of nurse academics teaching on satellite campuses. *Nurse Research*, 16;25(4):30-34. doi: 10.7748/nr.2018.e1516.





CITY OF MANDAUE
MANDAUE CITY COLLEGE
Don Andres Soriano Ave., Centro, Mandaue City
Tel. No. 236-5520 | E-Mail Address: mc.college@hotmail.com



Research and Community Extension Office

CERTIFICATION FOR GRAMMAR CHECK

Name of Grammarian: Ma. Kathrina Pananganan

Highest Educational Attainment: Bachelor of Secondary Education major in Filipino

School Office: Affiliation School of Education

This is to certify that the study entitled “ Danas ng mga Guro at mga Mag-aaral a Paggamit ng Teknolohiya ”, Alfanta, Mary Joy A., Manatad, Janine E., Materdan Shenna Mae T., Perolino, Jhea A., Piasidad, Mara Anella, Sotes, Joram Geid P. Bachelor of Secondary Education students of Mandaue City College has been checked by Ma. Kathrina P. Pananganan as Grammarian.

This certification is issued upon request of the group as part of their oral defense requirements.

Given this 29nd day of June 2023.

Ma. Kathrina P. Pananganan
Signature over the printed name
Grammarian





CITY OF MANDAUE
MANDAUE CITY COLLEGE

Don Andres Soriano Ave., Centro, Mandaue City
Tel. No. 236-5520 | E-Mail Address: mc.college@hotmail.com




Research and Community Extension Office

PLAGIARISM CHECK CERTIFICATION

This is to certify that Manatad et'al. submitted their manuscript in this office titled "**Danas ng mga Guro at Mag-aaral sa Paggamit ng Teknolohiya**" has undergone plagiarism checking via **Plagiarism Detector apps**. The results were as follows:

Similarity Index:	-----	14%
Originality Score	_____	86%
Remarks	_____	PASSED

This certification is issued to Manatad et'al. on the 29nd day of June 2023 for whatever legal purpose this may serve best.


MA. KATHRINA P. PANANGANAN
Instructor, Mandaue City College

